

1

Tumatakbo si Brian. Dama niya ang mabilis na tibok ng kanyang puso at ang pag-igting ng kanyang mga muscles. He had twelve seconds—eleven now—to make another goal para maipanalo ang labang ito.

Kahit okay lang sana ang draw, hindi makakapayag si Brian. He wanted to win.

At dahil alam iyon ng mga teammates niya sa *Philippine Azkals*, siniguro ng mga ito na makakarating sa kanya ang bola.

Lumundag siya, pinatama ang bola sa dibdib, hinabol at pinrotektahan bago pa man iyon maagaw ng striker ng Malaysian team. He snarled when the guy tried to kick it away from him. Nakabawi si Brian at mabilis na inilayo ang bola. Ipagtatanggol niya ang bolang iyon gaya ng pagtatanggol niya sa Pilipinas kung kinakailangan.

Lt. Brian Borromeo of the *Philippine Air Force* was a bit competitive. He hated to fail and he hated to lose. Sabi nga, failure is not an option, not for Brian, not in his military career, or his football games. Hindi naman sa basag-ulo siya kapag natalo. Hindi siya nakikipagsuntukan o napipikon, pero ayaw na ayaw na ayaw niya ang natatalo, lalo na kung alam niyang mas magaling talaga siya sa kalaban niya.

Hindi lang iisa ang nagsabi sa kanyang may pagkamayabang siya. Brian thought of it as confidence. Bakit hindi? Alam niya kung saan siya magaling. He had

little patience for false modesty. Hindi yabang iyon, self-awareness lang.

He had ten... nine... eight seconds.

Dalawang kalabang Malaysians na ang tumatakbo patungo sa kanya. Pinaglipat-lipat niya ang bola sa mga paa habang tumatakbo, inikutan ang isang Malaysian player para iwasan ito bago muling sinipa-sipa ang bola. Nakita niya ang isang teammate na nauna nang makalapit sa goal.

Isinigaw niya ang pangalan nito at sinipa patungo sa lalaki ang bola. Sa split second na kinailangan para masalo nito ang football, muling inikutan ni Brian ang bantay niya, at muling tumakbo.

At habang ang teammate niya na malapit sa goal ang nilapitan ng aligagang goalie ng Malaysian team, ibinalik sa kanya ng nasabing teammate ang bola. Lumipad si Brian. Iyon talaga ang ginawa niya nang lumundag siya. Tumagilid sa ere ang katawan niya. Kasabay niyon, malakas niyang sinipa ang football.

Padapa siyang bumagsak sa lupa at pinanood na lumampas sa mga nakaharang na braso ng goalie ng kalaban ang tira niya at tumama iyon sa gitna ng net.

Tumayo si Brian at bumangga sa likod niya ang mga teammates niyang tumakbo para yakapin siya. Kumapit siya sa mga ito habang nagtatatalon sila. Kaunti lang ang mga sandaling maaaring mag-celebrate nang ganito, at para sa mga tulad nilang football players, they celebrated each and every goal.

Final score, 4-3. Panalo ang Pilipinas.



“Grabe, iba na talaga kapag sikat,” sabi ng pamilyar

na boses ng isang lalaki at napaangat ang mukha si Brian mula sa jersey na pinipirmahan niya.

Nagulat siya bago tumawa nang makita ang mga mistah sa *PMA* na sina Apollo Marasigan at Edward Cabrera.

“Siraulo! Ano’ng ginagawa ninyo rito?” masaya niyang tanong.

“Magpapa-autograph,” sabi ni Pol.

Tumawa siya bago binalingan ang mga babaeng nagpapapirma sa kanya, nag-pose para sa pictures kasama ng mga ito, saka nilapitan ang mga kaibigan. Niyakap niya ang mga ito na para bang matagal na niyang hindi nakikita ang dalawa kahit pa noong isang buwan lang ay dumalaw siya sa ospital nang ipanganak ang panganay ni Edward.

“Pasensya na, pawis ako.”

“Sus!” sabi ni Pol na kinakabog pa ang likod niya. “Para namang di ka namin naamoy n’ung nasa *PMA* pa tayo.”

“Malay ko ba kung sariling amoy lang ang alam ninyo,” tawa niya. “Kumusta na kayo? Di man lang kayo nagsabing manonood kayo. Nakapagpasikat sana ako.”

“Di pa ba pagpapasikat ’yung ginawa mo?” biro ni Edward. “Three out of four goals?”

“Pana-panahon lang,” natatawang saad ni Brian, kumindat pa. Napansin niyang may mga babae pang naghihintay para magpapirma sa kanya. “May gagawin ba kayo mamaya? Labas tayo. Kahit dinner lang. Tatapusin ko lang ito ’tapos maliligo.”

Nagkatinginan ang dalawa bago siya muling hinarap. “Kung libre ka ngayon, Bok, imbitahan ka namin sa

opisina sana. May job offer din kasi kami.”

Na-curious si Brian. Alam niyang nagtatrabaho na para sa isang private security company ang dalawa, isang kompanyang pinapatakbo ng isang dating military officer. Humahawak ang ahensya ng high profile cases.

“Job offer?” tanong niya.

Tumango ang dalawa.

“Kung interesado ka lang naman,” sabi ni Edward. “Saka hindi naman buwis-buhay, Bok. Simple lang.”

Natawa si Brian. Para namang hindi alam ng dalawang ito na kahit buwis-buhay pa ang ipagawa sa kanya, gagawin niya kung kailangan.

“Sige, maliligo na ’ko. Sandali lang ako.”



Isinama siya ng mga kaibigan sa opisina ng mga ito sa *Fort Bonifacio*. Nadadaanan niya ang lugar, at naisip na mukhang bahagi ng mga kalapit na base militar ang two-storey building ng kompanya.

Naisip din niyang mukhang bagay naman dahil security agency ito at maaaring makitang nakababatang kapatid ng mga military installations na nakapalibot dito.

Bumaba sila ni Pol ng sasakyan niya matapos pumarada sa tabi ng kotse ni Edward. Ipinagbukas siya ng kaibigan ng pinto matapos nitong itutok ang isang proximity card sa isang security box.

“Sandali lang. Tatawagin ko lang si Boss Cam,” sabi ni Edward at nagtungo ito sa isang pinto na kailangan ng retinal scan para magbukas.

Tumaas ang kilay ni Brian at nagpagiya siya kay Pol sa isang conference room na kahilera ng reception area.

“Parang pang-*James Bond* ’tong opisina ninyo, ah,”

aniya nang maupo sila ni Pol sa mga swivel chairs sa tabi ng mesa.

Ngumiti ang kaibigan. "You have no idea, Bok."

Nang magbukas ang pinto, mabagal na napatayo si Brian nang makilala ang dalawa pang mga kasama ni Edward. "Captain Herrera, Major Llanes."

Ngumiti si Cameron Herrera. "Lt. Borromeo."

Nakipagkamay siya sa dalawa. Kilala niya ang dalawang lalaki. Bihira ang mga nagtapos sa *PMA* mula Batch 2002 pataas ang hindi nakakakilala sa dalawang ito.

"Upo ka," sabi ni Cameron. Automatic siyang naupo. "Nag-order sila ng hapunan. Hintayin na lang natin ang delivery. Nasabi na ba nina Pol kung bakit ka naimbitahan dito?"

"No, Sir."

Tumango si Cameron. "Before we brief you, you have to agree that everything that will be said in this room is classified, Lieutenant. You will have to sign a non-disclosure agreement."

"All right."

Iniabot nito sa kanya ang isang file folder at binuklat niya iyon. "Two women were kidnapped nearly two weeks ago while on their way to the airport. 'Yung isa ay ibebentang sex slave at 'yung isa ay ibibigay sa pinuno ng human trafficking syndicate. Both women have been rescued pero hindi pa nahuhuli ang pinuno ng sindikato. Pero may mga leads kami sa mga kompanyang pag-aari niya o d'un sa may stakes siya. Isa sa mga kompanyang iyon ay ang *Diaz Aviation*."

Nagulat si Brian. Madalas siyang mag-charter ng

flight sa kompanyang iyon. Hindi man malapit na kaibigan, magkasundo sila ni Norman Diaz, ang CEO ng kompanya. Business partner nito ang kapatid, isang magandang supladitang piloto na nanggangalang Neishelle who was as unique as her name.

“What do you need me to do?” Brian asked.

“We need access to *Diaz Aviation*,” ani Captain Herrera. “One of us could do it pero may hinala kaming may military connection ang suspect sa kasong ito. Hindi imposibleng mayroon nang may alam kung sinu-sino kami rito. And out of all the agents in this company, only three are not from the *AFP* or *PNP*. We’re probably being too careful, but we can’t risk it. Dati ka nang kliyente ng *Diaz Aviation*. You using the company to fly you somewhere will not look suspicious.”

“Anong klaseng access ang kailangan ninyo?”

“Sa isa sa mga eroplano nila. Yung seaplane nila, specifically. We also need access to their files kung meron, mga files na hindi namin puwedeng i-access from their computers.”

“By hacking, you mean,” sabi niya na may maliit na ngiti.

“Yes,” sagot ni Cam, hindi ikinakaila ang katotohanan.

Tumungo siya ulit sa mga files. Naroon ang mga larawan ng dalawang babaeng na-kidnap. He would have said no. He considered Norman a friend. And, Neish was... well, Neish.

Corny man, may crush si Brian sa dalaga. Unang beses pa lang niya itong nakita, nagkaroon na siya kaagad ng interes dito. She was strikingly pretty at napatitig siya rito hanggang sa marinig niyang tumikhim na pala ang

kuya nitong kasama niya nang mga oras na iyon.

Higit pa sa pagiging maganda, hanga siya sa galing ni Neish na magpiloto. Noong unang beses na ipinagpiloto siya nito, kasama niya ang mga kapatid at ilang guests ng mga teammates niya na nauna na sa Cebu para sa isang game. Nahuli kasi noon si Brian dahil may kailangan siyang puntahan kaya hindi nakasabay sa team sa commercial flight. Dahil ayaw ring ma-miss ang game, nag-charter na lang siya ng flight at nagmagandang-loob na inalok ang mga teammates kung may mga gustong pasamahin ang mga ito sa kanya.

Noon yata uminit ang dugo ni Neish sa kanya, nang masayang magkantahan at magsayawan sa loob ng eroplano ang mga kasama niyang panay babae.

Hanggang ngayon hindi pa rin siya nakakaporma rito kahit bago iyon kay Brian. Sinasabi na lang niya sa sarili that he was taking his time.

Ngayon, ito pa.

Hindi siya komportableng maging espiya lalo't pinaghihinalaan ang magkapatid na may kinalaman sa kidnapping at human trafficking. But then again, may mga kapatid siyang babae. Iniisip pa lang niyang larawan ng mga kapatid niyang sina Gia, Julia at Becca ang nasa file na iyon, parang hindi na niya mapapatawad ang may-sala.

Tumango siya. "Kailan n'yo kailangan?"

Ngumiti si Captain Herrera. "As soon as we can come up with a plan."

2

Nakatungo sa computer screen si Neishelle Diaz, inaayos ang mga records ng business nila ng kanyang Kuya Norman, ang *Diaz Aviation*. Buti na lang at may pagka-OC siya pagdating sa files dahil kung hindi, matagal na silang nalugi o kaya ay nakulong dahil sa tax evasion o kung anupamang nakaligtaan ng kapatid niya. Mabuti na lang talaga, magaling at mahilig siya sa mga papel-papel.

Pero kung may isang passion si Neish, iyon ay ang paglipad. Gaya ng kanyang kuya, she was a pilot, and a good one, with about 2,000 hours of flight time mula nang makuha niya ang lisensya niya three years ago. Namana nila iyon sa kanilang ama, si Captain Romeo Diaz na isang retired pilot ng isang commercial airlines. Ang kanilang ina naman na si Natalia ay isang dating flight attendant.

Sabihin nang kung maaari lang tumira sa himpapawid ang mga tao, doon na siguro tumira ang buong pamilya ni Neish. Ngayon nga, tatlong araw pa lang siyang hindi nakakalipad, nangangati na siya.

Nag-angat siya ng ulo nang kumatok sa pinto ang assistant nilang si Mika. “Neish, available ka ba sa Friday?”

“Oo naman!” na-e-excite niyang bulalas. “Saan pupunta?”

“Sa Palawan,” sagot ng babae, kumikindat pa. “Pero

buong weekend daw sana. Flight ng Friday ng hapon, 'tapos Sunday ng hapon na ang balik dito."

"Buong weekend?" gulat niyang tanong.

"Oo. Gusto kasi niya ng two or three tour flights around the area ng Sabado para sa mga bisita niya."

"Wow. Mahal 'yan, ah."

Kumindat si Mika. "Ka-ching!" masaya nitong panggagaya sa tunog ng slot machine. "At huwag ka! Sabi ng client, sagot daw niya ang gastos mo sa accommodations at pagkain nang buong weekend."

Nanlaki ang chinitang mga mata ni Neish. "Ibig mong sabihin, all-expense paid vacation sa Palawan ito basta ipagpiloto ko siya?"

"Some kinda like that," nakangising saad ni Mika.

"Ako na! Ako na talaga!"

"Okay!" Tumango ang assistant nila at nagsimulang lumayo.

"Sandali! Mika!" Bumalik ang babae. "Sinong client pala 'yan?" Lumaki ang ngisi ng babae at nagsimulang kabahan si Neish. "Oh, no," sabi niya. "No, no, no, no, no."

"Yes, actually," ani Mika bago nito kinagat ang pang-ibabang labi kahit pa hindi napigilan ang ngiti nito, bago nila sabay na sinabing, "Si Brian Borromeo."

Umiling si Neish, itinutulak palayo ang upuan mula sa mesa niya. "Nagbago na ang isip ko. Ayoko na. Ibigay mo na sa iba."

Lumabi si Mika at pumasok sa opisina niya. "Walang ibang available na piloto sa Friday," sabi nito.

Mas mabilis na umiling si Neish. "Baguhin mo 'yung

schedule ni Kuya o kaya ni Max. Di ba may flight sila ng Thursday ng hapon saka Friday ng umaga? Ako na'ng kukuha ng isa sa mga 'yun. Ibigay mo na sa kanila si Borromeo.”

“Seryoso ka ba? Alam mo namang mahabang proseso ang paghahanda ni Max sa mga flights. Masisiraan na naman ng bait 'yun kapag sinabi mong papalitan mo ang sched niya. At si Norman? Sasabihin lang n'un na nag-iinarte ka na naman.”

Napapikit si Neish. It was true. No-nonsense na lalaki ang kuya niya. Mababa ang tolerance level nito sa mga mabababaw na bagay na tulad ng pamimili niya ng mga kliyente. Minsan na kasi nitong naipagpiloto si Brian at nakasundo nito ang lalaki. Hindi nito maintindihan kung bakit mainit ang dugo ni Neish dito. Lalo na nang tanungin siya ng kapatid kung binabastos ba siya ng lalaki at humindi siya, dahil hindi naman talaga. Napagsabihan siya nitong huwag nang mag-inarte and take it like a Diaz. Kinurot ng dalaga ang ilong sa pagitan ng mga mata niya.

“Ba't kasi mainit ang dugo mo kay Lt. Borromeo? I mean, once mo pa lang naman siya nagiging pasahero. Saka maganda naman ang feedback niya sa 'yo bilang piloto.”

“Mika, apat na babae 'yung kasama niya sa flight na 'yun. Nag-party sila sa flight! Nagpatugtog sila nang malakas at naglilipat ng mga upuan!”

Nagpipigil pa rin ng ngiti si Mika. “Well, at least alam naman nating hindi prosti 'yung mga kasama niya n'un. Saka hindi sila nag-drugs habang nasa flight.”

“Nagmukhang set ng video ni Nicki Minaj ’yung Learjet!”

Malakas na tumawa si Mika. “Ito naman! Hindi naman daw. Hindi naman sila nagkalat, di ba? Saka kung gan’un silang klase ng pasahero, hindi na sana nakaulit sa kuya mo si Lt. Borromeo.”

“Ah, basta, gan’un ang pakiramdam,” nakalabing sabi ni Neish.

“Hindi kaya ganyan na lang ang galit mo sa kanya kasi secretly may gusto ka sa kanya?” tanong ng babae na nag-beautiful eyes pa.

Mas lalong naningkit si Neish. “Nalimutan mo na bang ako ang nagre-release ng pera para sumuweldo ka?”

“Sabi ko nga, Boss!” mabilis na bawi ni Mika. “Tatawagan ko na lang si Lt. Borromeo at sasabihing wala tayong available na piloto sa Friday at mag-commercial flight na lang siya kasi never natin siyang i-e-entertain kasi paborito niya si Nicki Minaj.”

Bumuntong-hininga siya. “Fine. Sige na, ako na. Send mo sa ’kin ang mga detalye.”

“Yes, Boss!” masayang sabi ng assistant bago ito muling lumabas ng opisina niya.

Kunot-noong binalikan ni Neish ang computer screen niya, wala na sa mood magtrabaho. Wala naman siyang magawa dahil na-realize niyang oo, medyo nag-iinarte nga siya. Dahil sa totoo lang, wala nga talagang ginagawang masama sa kanya si Borromeo. Mainit lang talaga ang dugo niya rito. Too bad na isa ito sa mga suki nila.

Oh, well. Look at the bright side. May kita na sila

ni Kuya Norman, makakalibre pa siya ng bakasyon sa Palawan. Wala namang nagsabi na kailangan niyang samahan si Brian habang naroon sila, di ba? Basta sa flight papunta lang at pabalik? Seriously, maliban sa tinylene, wala siyang ibang makitang negative sa pag-charter nito ng eroplano mula sa *Diaz Aviation*.

Gaano katagal lang ba ang two-way flight? For that period of time, she could deal.



3

Medyo mabenta ang *Cessna 208 Caravan* nila ngayon, Mpansin ni Neish. Noong isang linggo lang, hiniram ng isa sa mga kaibigan ng Ninong Harry niya ang eroplano. Gusto raw kasi nitong aliwin ang mga anak nito sa pamamagitan ng pagpapa-experience sa mga ito ng isang water landing sa isang resort sa Cebu.

Bihira lang namang manghiram ng eroplano ang ninong niya. At tuwing magre-request ito, hindi sila tumatanggi. Ano lang ba ang ilang oras na pagpapahiram dito ng mga eroplano gayong dito nila hiniram ang kapital para maitaguyod nila ang *Diaz Aviation*?

Nahihiya pa nga ang lalaki at laging may sariling piloto. Ayaw raw kasi nitong kunin pa pati oras ng mga piloto ng *Diaz*.

Naisip niya bigla si Brian Borrromeo. Sa totoo lang, kukunin nito ang oras niya. Tatlong araw siya nitong isasama sa Palawan, at para saan? Pero dahil bayad nito ang oras na iyon at bayad din nito ang lahat ng gagastusin niya, walang maisip na dahilan si Neish para tumanggi. Maliban na lang siguro sa lalaking paparating.

Tiningnan niya ang relong suot sa pupulsuhan. Kung sana na-late man lang ito para may dahilan siyang mainis dito.

“Good afternoon, Lt. Borrromeo,” pilit ang ngiting bati niya.

Ngumiti rin si Brian at inalis ang suot na sunglasses.

“Good afternoon, Captain Diaz,” bati nito sa sexy at mababang tinig.

“Let me take your bag,” sabi niya sabay abot sa duffel bag na dala nito.

“No,” agad nitong tanggi, inilayo ang bag. Nakakunot ang noo ng lalaki na para bang ininsulto niya ang nanay nito sa halip na nag-alok siya na ipagdala ito ng bag papasok ng eroplano.

“I can carry your bag, Lt. Borromeo,” frustrated niyang saad.

“Kaya kong dalhin ang sarili kong bag, Captain Diaz. As a matter of fact, I should be the one to carry *your* bag.”

Nanlaki ang mga butas ng ilong ni Neish. “Nasa loob na rin ang bag ko, Sir. Kaya ko ring buhatin iyon mag-isa.”

Nagtitigan sila bago mahinang tumawa si Brian. “Nag-aaway ba talaga tayo tungkol sa bag?”

Hindi na nag-react si Neish. Tinalikuran niya ito at umakyat na siya ng eroplano.

Matapos isara ang pinto ng *Cessna*, nag-check siya ng mga dials at gauges sa instrument panel. Inisa-isa niya ang mga items na nakasulat sa kanyang pre-flight checklist. Tinitingnan niya ang listahan na iyon bago siya mag-take off kahit pa kabisado niya ang mga naroon. Mahirap na.

Kausap niya ang tower nang mapalingon siya dahil naupo sa co-pilot seat si Borromeo. Tinaasan niya ito ng kilay pero ngumiti lang ang lalaki at ikinabit ang seatbelt nito.

“What do you think you’re doing?” tanong niya.

Huminto ang mga kamay ng lalaki. “Ah, putting on

my seatbelt?”

Napatiim-bagang siya. “May walong komportableng upuan sa likod, Lt. Borromeo. Hindi mo kailangang maupo sa co-pilot’s seat.”

Nagkibit-balikat ang lalaki. “Komportable rin naman dito,” sabi nito. “Wala akong kasama sa likod. Isa pa, kung di ako mauupo d’yan sa upuan mo, ito nang co-pilot’s seat ang second favorite seat ko.”

Nagpakawala ng malakas na buga ng hangin si Neish, hindi itinatago ang pagkainis. Kunot-noo niyang binalikan ang checklist na hawak sa isang kamay pero mabilis na iniunat ang isang braso para tampalin ang kamay ng lalaki nang makitang may inaabot ito sa panel.

“Do not touch anything,” singhal niya.

Tumawa si Brian. “Relax, Captain Sungit. Piloto rin ako. Hindi ako pipindot ng mga bagay na hindi pamilyar sa ’kin.”

“Mabuti na ’yung nagkakaintindihan tayo,” irap niya. “Sigurado ka bang d’yan ka mauupo?”

“Yeah,” sabi nito. “Ngayon lang ako makakasakay sa amphibian plane, actually. Gusto kong ma-experience ang nakaupo sa co-pilot seat.”

Hindi na niya ito sinagot. Muli niyang binalingan ang checklist niya, sinigurong nagawa niya ang bawat isa sa mga items na naroon at muling nakipag-usap sa tower.



There was nothing—absolutely nothing—like flying. Bata pa lang si Brian, alam na niya iyon mula nang una siyang sumakay sa helicopter na pinipiloto ng kanyang ama na si retired *Philippine Air Force* General Benedicto Borromeo.

Hindi niya napigilan ang mapangisi habang binabaybay ng maliit na eroplano ang runway, pagkatapos ay pinanood niyang iwan nila ang lupa.

Nilingon niya si Neish. “That was perfect,” sabi niya para bigyan ng compliment ang dalaga kaya hindi niya naintindihan kung bakit mas kumunot ang noo nito. “That was a compliment.” Hindi ito sumagot. “You say thank you kapag binigyan ka ng compliment.”

Bumuga ng hangin ang babae. “I only have two rules for passengers who want to stay on that seat, Lt. Borromeo. Don’t touch anything and keep your mouth shut.”

Tumaas ang mga kilay niya pero imbis na mainis, kinailangan niyang pigilan ang tawa. “Sinasabi mo ba ’yan sa lahat ng mga pasahero mo?”

“Oo. Mas polite lang ako sa iba.”

Tumawa na siya. “Thanks. That makes me feel really special.”

Muling hindi nag-react si Neish. Siguro pang-inis, mas lalo pa itong nginisian at pinag-aralan ni Brian.

She was pretty. Chinita ito, maputi at makinis ang kutis, at parang ang lambot-lambot ng balat. Nakikita niya ang pagsilip-silip ng malalim nitong dimple sa kaliwang pisngi. Mahaba ang unat nitong buhok na kasalukuyang nakapusod sa batok nito sa isang practical na ayos.

He wanted to tug her hair loose.

Baka makita talaga ni Brian ang hinahanap niya pag ginawa niya iyon. Kung di siya mahahambalos ng clipboard, baka ma-eject siya sa eroplano nang walang parachute.

“Are you always this... friendly?”

Huminga ito nang malalim. “Lt. Borromeo, I would really appreciate it if you don’t speak to me. I prefer to concentrate on my flying rather than chat.”

Namilog ang mga mata ng binata. “Ibig mong sabihin hindi mo kayang mag-multitask? Na kapag kinausap mo ang mga pasahero mo, may posibilidad na mag-crash kayo?”

“Ikaw na rin ang nagsabi na special case ka,” she answered sweetly. “Kaya ikaw lang ang hindi puwedeng kumausap sa ’kin, hindi dahil hindi ko kayang magpalipad ng eroplano habang may kausap, kundi dahil sa hindi talaga kita gustong kausapin sa ere o sa lupa.”

Saglit siyang natahimik. “Eh, paano ’yun? Sa tubig tayo magla-land mamaya. Ibig sabihin puwede mo akong kausapin mamaya kapag nag-land tayo?”

Tumawa siya nang makitang halos mabasag ang mga molars ng magandang dalaga sa tindi ng pagngangalit nito ng ngipin. Was it something he said? Something he did?

Kung anupaman, suwerte siya na ito ang available na piloto para sa trip nilang ito. He’d get to spend a weekend with her kung saan sinisiguro niyang susubukan niya itong kilalanin.

Isa pa, hindi naman niya aakitin ang dalaga para isiwalat nito ang mga sekreto ng kompanya, di ba? Sa katunayan, naroon siya para patunayang malinis ang *Diaz Aviation* at walang kinalaman ang magkapatid na Diaz sa mga krimen ni Harold Palermo. He also didn’t have anything to feel guilty about.



Nanatiling tahimik si Brian sa sumunod na isang oras mahigit ng flight. Na-miss na niya ang magpilot, actually, kahit pa noong isang buwan lang ay nakapagpalipad siya ng helicopter. Pero bahagi iyon ng training niya at hindi actual mission o actual na biyahe. Gusto niya ng actual na biyahe.

Hindi niya namalayang nanatili siyang nakangiti habang nakatunghay sa labas ng bintana, nakasilip sa dagat at sa nagkalat na mga isla sa ibaba.

Wala talagang katulad ang paglipad.

Sinulyapan niyang muli si Neish. Hindi niya alam kung nalimutan na ng dalaga na siya ang pasahero nito. Her posture was more relaxed, at may maliit pang ngiti sa mga labi nito habang nakatingin sa labas ng eroplano.

Gusto niya itong biruin kaya lang ayaw rin niya itong istorbohin. Mukhang payapa ito which only made her more beautiful to him.

“We’re coming up to the island,” sabi ni Neish at nabasag ang animo’y spell na bumalot kay Brian.

Sa abot-tanaw, papalaki nang papalaki ang grupo ng mga islang bumubuo sa probinsya ng Palawan. Sa lahat ng mga lugar sa Pilipinas, ito ang paborito ni Brian. Kumbaga, dito niya nahahanap ang kanyang inner peace. At bakit hindi? Kung may paraiso sa Pilipinas, Palawan na iyon.

Dinaanang nila ang mga isla ng Busuanga at Coron. Sandali na lang, matatanaw na niya ang *Borromeo Island*, ang islang pag-aari ng pamilya nila. Hindi na napigilan ni Brian ang malaking ngisi. Malapit na sila.

Soon after, they started their descent at nadama niya ang karaniwan niyang nadarama sa tuwing magla-land

ang sinasakyan niya: excitement.

May amphibian floats na naka-fit sa landing gear ng eroplano at pasimpleng sinulyapan ni Brian ang controls para roon. Hindi sa wala siyang tiwala kay Neish. Siguro dahil piloto rin siya, gusto lang niyang masiguro para sa sarili na hindi lulubog ang eroplano paglapag nila.

Nang masiguro iyon, pinanood niya ang piloto habang naghahanda itong mag-land. She was relaxed, confident, careful. Kalmado ang mga kilos nito at halatang gamay ang ginagawa. He thought it was so damn sexy.

Then he looked out his window and watched as they approached the island. Napangisi siya nang makita ang pamilyar na kulay puting light house sa itaas ng isang burol. Nakikita na niya ang resort na nasa pagitan ng asul na asul na tubig at matingkad na berdeng kagubatan. Nagsimula silang mag-land. The waters rushed up to meet them when the plane landed smoothly, then floated all the way to the ramp at the beach resort in *Borromeo Island*.

Nilingon siya ni Neish, naghihintay, naghahamon ng reaksyon mula sa kanya kahit pa halata namang masaya ito sa naging performance nito sa flight na iyon.

He grinned at her. "Sinabi ko na sa 'yo, Captain Diaz. That was perfect."

Tumaas ang isa nitong kilay. "Why? Did you expect anything else?" arogante nitong tanong.

Tumawa si Brian. Yeah, she was definitely a girl after his own heart.